Impormasyon Tungkol sa Matatawagan

Para sa karagdagang impormasyon o tulong sa pagbuo ng isang Plano sa Kaparaanang Makagamit ng Wika pumunta sa
https://health.hawaii.gov/ola/

o makipag-ugnayan sa

Tanggapan ng Kaparaanang Makagamit ng Wika
1250 Punchbowl Street, Room 201
Honolulu, Hawaii, 96813
Telepono: (808) 586-8730 Fax: (808) 586-8733

Mga Walang Bayad na Numero ng Neighbor Islands

Hawai`i Island 974-4000 ekstensiyon 68730

Maui 984-2400 ekstensiyon 68730

Kaua`i 274-3141 ekstensiyon 68730

Moloka`i at Lāna`i 1-(800) 468-4644 ekstensiyon 68730

Mga Tagatulong

www.lep.gov
Federal Interagency Working Group on Limited English Proficiency

www.ncihc.org
National Council on Interpreting in Health Care

www.migrationpolicy.org
Migration Policy Institute

www.healthlaw.org
National Health Law Program

www.diversityrx.org
Diversity Rx – Resources for Cross Cultural Health Care

www.apiahf.org
Asian & Pacific Islander American Health Forum

www.oms.hhs.gov
Office of Minority Health, U.S. Department of Health and Human Services

www.xculture.org
Cross Cultural Health Care Program

www.imia.org
International Medical Interpreters Association

www.ata.org
American Translators Association

2020

BATAS SA KAKAYAHANG MAKAGAMIT NG WIKA SA HAWAI`I

Para kanino ito?

Ano ang iniaatas nito?

Office of Language Access
State of Hawai'i

`O ka `ōlelo ke ola
(Ang Wika ay Buhay)

Tagalog

LAYUNIN

May Limitadong Kasanayan sa Ingles (Limited English Proficiency, LEP) ang mga taong hindi Ingles ang unang wika. Limitado rin ang kakayahan nilang bumasa, sumulat, magsalita at makaunawa ng Ingles.

Bumubuo ng isang makabuluhang bahagi ng populasyon ng Hawai`I ang pangkat na ito. Maraming taong may LEP ang tumutulong sa ating ekonomiya, nagpapaaral ng kanilang mga anak sa ating mga paaralan at gumagawa ng mahahalagang kontribusyon sa kapakanan ng ating estado.

Kung minsan, nahihirapang makapagtamo ng paglilingkod sa mga ahensiya ng estado o sa **mga kasakop na organisasyon** (mga ahensiyang tumatanggap ng pondong pang-estado) ang mga taong may LEP dahil sa kanilang limitadong kakayahang bumasa, sumulat, magsalita at makaunawa ng wikang Ingles.

Tinitiyak ng Estado at mga ahensiyang tumatanggap ng pondong pang-estado na magkakaroon ang lahat ng residente ng Hawai`i, gayundin ang mga hindi nagsasalita ng Ingles at mga taong may LEP, ng makabuluhang pagkakataong makalahok sa mga programa, paglilingkod at gawaing magbibigay-kaluwagang ganap na makasali sa buhay ng

ANG BATAS

Ano ang Batas sa Kakayahang Makagamit ng Wika?

Iniatas ng HRS Chapter 321c na bawat ahensiyang pang-estado, o organisasyong tumatanggap ng pondong pang-estado na maglaan ng paglilingkod sa publiko, tinitiyak na magkakaroon sila ng pagkakataong makagamit ng mahahalagang lingkuran, programa at Gawain, anumang wika ang kanilang sinasalita. Sa ilalim ng ilang partikular na kalagayan, ibibigay ang kapwa interpretasyong pasalita at pasulat nang walang bayad.

Sino ang dapat sumunod?

Lahat ng ahensiyang pang-estado at alinmang organisasyong tumatanggap ng pondong pang-estado na nagkakaloob ng paglilingkod sa publiko.

Ano ang Tanggapan ng Kaparaanang Makagamit ng Wika?

Tinutulungan ng **Tanggapan ng Kaparaanang Makagamit ng Wika (Office of Language Access, OLA)** ang mga residenteng may LEP na hindi mapagkaitan ng mahahalagang paglilingkod ng pamahalaan, ng mga programa at gawaing tulad ng lingkurang panlipunan, pagsasanay sa trabaho, tulong sa paghahanap ng trabaho o patas at walang kinikilangang pagdinig.

Nagkakaloob and OLA ng pangangasiwa at pangkalahatang pakikipag-ugnayan sa mga ahensiya ng estado, gayundin sa mga kasakop na organisasyon, sa pagbubuo at pagpapatupad ng kanilang **Plano sa Kaparaanang Makagamit ng Wika** gaya ng iniaatas ng batas. Sinusubaybayan at sinusuri rin nito ang mga ahensiya ng estado para masunod ang batas sa kaparaanang makagamit ng wika at malunasan ang mga reklamo sa paglabag nito.

Para sa layuning pampangasiwaan, kaugnay ang OLA ng Kagawaran ng Kalusugan.

MGA OBLIGASYON

Apat na Salik ng Pagsusuri

Isang makatwirang pagsubok ang **Apat na Salik ng Pagsusuri** para malaman ng isang ahensiya o kasakop na organisasyon kung dapat silang maglaan ng paglilingkod pangwika. Dapat tanawin ng isang ahensiya o kasakop na organisasyon ang mga kabuuang pangyayari, kabilang ang sumusunod na salik:

- Ang proporsiyon ng napaglingkuran o nakadaupang-palad na LEP;
- Ang kadalasan ng paggamit ng LEP ng kanilang paglilingkod, programa at gawain;
- Ang kalikasan at kahalagahan ng mga paglilingkod, programa, o gawaing ibinibigay; at
- Kung nakalaan ang mga dulugan sa mga ahensiyang pang-estado o kasakop na organisasyon.

Mga Halimbawa ng Makabuluhang Kaparaanang Makagamit ng Wika:

- Tuwirang pakikipag-ugnayan sa wikang banyaga ng mga tauhang bilinggwal;
- Interpretasyong pasalita na ginawa nang harapan o sa telepono ng kuwalipikadong tagasalin;
- Pasulat na pagsasalin ng mahahalagang dokumentong isinagawa ng kuwalipikadong tagasalin; at
- Mga multilinggwal na website at mga dulugang awdyo-biswal.